DESCHUTES COUNTY

# Espesyal na Halalan sa Nobyembre 2023

# Pamplet para sa Mga Botante ng Deschutes County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

# pamplet
# para sa mga botante

## Nobyembre 7, 2023 Espesyal na Halalan

Ang Pamplet na ito para sa Mga Botante ay inilaan upang bigyan ang botante ng karagdagang impormasyon tungkol sa panukalang-batas na ito. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan kwalipikado kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira. Nakalimbag ang teksto ng mga pahayag na naisumite.

## Mga Lokasyon ng Lugar para sa Pagsumite ng Balota

Magbubukas sa Biyernes, Oktubre 20 Bukas nang 7 araw sa isang linggo
Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 7: bukas hanggang 8 p.m.

### Bend

**Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)**
1300 NW Wall St, Bend
*(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)*

### La Pine

**Pampublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)**
16425 1st St, La Pine
(1st St & Huntington Rd)

### Redmond (Mga Bagong Lokasyon)

**Deschutes County Expo Center (Fairgrounds)**
3800 SW Airport Way, Redmond
*Matatagpuan ang box sa rotonda sa dulong silangan ng paradahan*

**Paradahan sa tapat ng Centennial Park**
(Pansamantalang inilipat mula sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library))
716 SW Evergreen, Redmond
*(Matatagpuan ang box sa dulong hilaga ng paradahan)*

**-- O --**

♦ **Ipadala** ang iyong sinagutang balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope) nang hindi lalampas ng **8 p.m., Martes, Nobyembre 7, 2023**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS, akronim nito sa wikang Ingles na isinalin sa wikang Tagalog) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Nobyembre 14, ay tatanggapin.

**Opisina ng Kawani ng County (County Clerk's Office), 1300 NW Wall St, Suite 202 (2nd Floor), Bend**
**Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. | Araw ng Halalan, 7 a.m. hanggang 8 p.m.**
**— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —**

# Impormasyon sa Pagboto

## Pagpaparehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 7, 2023, dapat ma-postmark ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante pagdating ng Martes, Oktubre 17, 2023.


**Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:**
1. Isang residente ng Oregon
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng Araw ng Halalan.

**Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:**
1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o address para sa koreo
2. Nagbago ang iyong pangalan
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

## Mahalagang Tandaan:
Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para sa higit na impormasyon.

## Mga Botanteng May Kapansanan:
Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang kawani para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi nauugnay sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May magagamit na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante. Upang umorder, makipag-ugnayan sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411 o TTY (503) 232-8408.




## Makipag-ugnay sa:
Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections)
(541) 388-6547 Deschutescounty.gov/elections
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)
www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Lalagdaan ang sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope)
- Pamplet para sa mga Botante.

## Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang bibilugan para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog (⬬) sa tabi ng iyong mga napili gamit ang bolpen (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

## Suriin ang iyong balota:

Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Maaaring naglalaman ng mga labanan ang magkabilang pahina ng iyong opisyal na balota.

## Maghandang ibalik ang iyong balota:

Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope). Titiyakin ng kawani ng halalan ang pagiging lihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa signature box.

## Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa file noong nagparehistro at dapat na tumugma ang lagda para mabilang ang balota.

## Ibalik ang iyong balota:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Nobyembre 7, 2023.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng selyo.

## Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga labanan/panukalang-batas sa magkabilang pahina.

# Paano Isumite ang Iyong Boto

## 1. Kumpletuhin ang iyong balota

- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen
- Upang bumoto para sa isang tao na wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linyang "write-in", pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota
- Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

## 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinapahintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba
- Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng kapalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota

- Ipasok lamang ang iyong balota na ginamit mo sa pagboto (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang)*
- Dapat mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto**
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file.

Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota


- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Nobyembre 7, 2023. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 14, ay tatanggapin.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng selyo.

# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar para sa Pagsumite ng Balota

***Hanapin ang mga karatula at banner na magdidirekta sa iyo sa mga lugar ng drop box.***


## Ang Drop Box ng Balota sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library) ay Pansamantalang Inilipat sa Paradahan sa SW Evergreen Ave at SW 7th St, Redmond

Kasalukuyang ginagawa ang Aklatan ng Redmond (Redmond Library) hanggang sa inaasahang petsa ng pagkumpleto sa Hunyo 2024. Ipapaskil ang karatula na magdidirekta sa mga botante na pumasok sa paradahan sa SW 7th St at lumabas sa SW Forest Ave.




## Deschutes County Expo Center (Fairgrounds) 3800 SW Airport Way, Redmond

Ang drive-through box ay matatagpuan sa rotonda sa dulong sillangan ng paradahan.




### *.... Mga Paalala ....*

**Ang Iyong Pakete ng Balota**

Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng hindi bababa sa mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope)

**Paglagda ng Iyong Sobre para sa Pagbalik ng Balota (Ballot Return Envelope)**

Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota. Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

**Pagbabalik ng Iyong Balota**

Hindi kinakailangan ng selyo.
Ipadala sa koreo pagsapit ng Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 7, 2023.

# May karapatan kang bumoto!

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, nakatira sa Oregon, 18 taong gulang at rehistrado para bumoto.

➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na wala kang tirahan.
➔ ***May karapatan kang*** bumoto kung nahatulan ka ng isang mabigat na krimen ngunit nakalaya mula sa kustodiya, kahit na ikaw ay naka-probation o parole.
➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na mayroon kang tagapag-alaga at kahit na kailangan mo ng tulong sa pagbabasa o pagsasagot ng iyong balota.
➔ ***May karapatan kang*** bumoto o magsumite ng boto kung ikaw ay nakapila pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan.
➔ ***May karapatan kang*** malaman kung rehistrado ka para bumoto.
➔ ***May karapatan kang*** pumili kung gusto mong mag-rehistro bilang miyembro ng isang partidong pampolitika.
➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng panatak ng lagda o iba pang marka ngunit kailangan mo munang punan ang isang form. Walang maaaring pumirma para sa iyo.
➔ ***May karapatan kang*** humingi ng tulong mula sa mga kawani ng halalan o mula sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Mayroong ilang tao na hindi makakatulong sa iyo na bumoto, halimbawa, ang iyong boss o isang opisyal ng unyon mula sa iyong trabaho.
➔ ***May karapatan ka*** sa isang lihim na pagboto. Hindi mo kailangang sabihin kahit kanino kung paano ka bumoto.
➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng “pansamantalang balota”, kahit na sinabihan kang hindi ka rehistrado para bumoto.
➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng bagong balota kung nagkamali ka.
➔ ***May karapatan kang*** bumoto para sa taong gusto mo. Maaari mong isulat ang pangalan ng ibang tao kung hindi mo gusto ang mga pagpipilian sa iyong balota.
➔ ***May karapatan kang*** bumoto ng “oo” o “hindi” sa anumang isyu sa iyong balota.
➔ ***May karapatan kang*** iwanang blangko ang ilang pagpipilian sa iyong balota. Ang mga pagpipilian na iyong mamarkahan ay mabibilang pa rin.
➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng sistema ng pagboto para sa lahat ng Pederal na Halalan na ginagawang posibleng pantay para sa mga taong may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.
➔ ***May karapatan kang*** malaman kung ang iyong balota, kabilang ang isang “pansamantalang balota”, ay tinanggap para mabilang.
➔ ***May karapatan kang*** magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay tinanggihan ang iyong mga karapatang bumoto.

para sa karagdagang impormasyon
**1 866 673 8683**
se habla español

**TTY 1 800 735 2900**
para sa mga may kapansanan sa pandinig

*(Konstitusyon ng Oregon, Seksyon 2 at 3; ORS Chapters 137, 246, 247, at 254; Manwal sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Vote By Mail Manual); Help America Vote Act of 2002; OAR 165-001-0090 at 165-007-0030)*

# Proseso ng Halalan sa Deschutes County

**Ika-1 Hakbang. Rehistrasyon ng Botante**
Upang mag-rehistro para makaboto, kinakailangan mong magbigay ng balidong pagkakakilanlan na nagpapatunay na kwalipikado kang bumoto. Pagkatapos suriin at patunayan ang iyong impormasyon, ipapasok namin ito sa aming database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012

**Ika-2 Hakbang. Pagsubok ng mga Kagamitan sa Halalan**
Gumagamit kami ng kagamitan sa halalan na sertipikado ayon sa mga pamantayan ng Estado at Pederal. Sinusubok namin ang aming kagamitan sa halalan bago, sa panahon, at pagkatapos ng bawat halalan.
ORS 254.235

**Ika-3 Hakbang. Ang mga Balota ay Ipinapadala sa Koreo**
Ang lahat ng rehistradong botante ay papadalhan ng pakete ng balota sa koreo na naglalaman ng kanilang balota at sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope) na mayroong nakaimprentang security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong pagiging pribado at pagiging lihim ng iyong boto. Binibigyan namin ang mga rehistradong botanteng Naka-uniporme at Sibilyan na Nasa Ibang Bansa ng akses sa kanilang balota sa pamamagitan ng koreo o online portal.
ORS 253.065, 253.545, 254.470

**Ika-4 na Hakbang. Pagkolekta ng Balota**
Sa Deschutes County, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa pamamagitan ng koreo o sa isa sa aming sampung Opisyal na Mga Lokasyon ng Lugar para sa Pagsumite ng Balota, na madaling matatagpuan sa buong county. Kinokolekta ang mga balotang nasa Lugar ng Drop Box, at ang mga balotang ipinadala sa koreo ay tinatanggap sa aming Opisina ng Kawani na matatagpuan sa Deschutes Services Building para sa tabulasyon ng balota.
ORS 254.4

**Ika-5 Hakbang. Pagpapatunay ng Pagiging Kwalipikado ng Botante**
Pagkatanggap ng iyong balota, ipinapadala ito sa pamamagitan ng aming sorting machine para sa sobre ng balota, na nagsa-scan ng larawan ng iyong lagda habang pinagbubukod-bukod ang inyong mga balota ayon sa presinto ng pagboto. Bineberipika ng mga sinanay na kawani ng halalan ang iyong lagda sa sobre sa pamamagitan ng paghahambing nito sa iyong lagda sa file sa database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012, 247.019, 247.025, & 254.470

**Ika-6 na Hakbang. Pagproseso ng mga Balota**
Kung parehas ang iyong mga lagda, bubuksan ang iyong sobre ng balota. Kung hindi sila magkatugma, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang malutas ang isyu para mabilang namin ang iyong balota. Kung nasira ang balota o naglalaman ng mga marka na hindi mabasa ng makina, ibubukod namin ito para sa manwal na pagsusuri. Ang layunin namin ay bilangin ang lahat ng kwalipikadong balota tulad ng nilalayon ng mga botante.
ORS 254.478

**Ika-7 Hakbang. Pag-scan ng Balota at Tabulasyon**
Pagkatapos tanggalin ang mga balota mula sa mga sobre nito, ini-iscan namin ang mga balota at binibilang ang lahat ng balidong boto para matukoy ang mga resulta ng bawat labanan sa halalan. Ang aming sistema sa pagboto na sertipikado ng pederal at estado ay ligtas at hindi kailanman konektado sa internet.
ORS 254.485, 254.500

**Ika-8 Hakbang. Paghatol sa Balota**
Sinusuri ng mga team na binubuo ng dalawang kawani mula sa magkaibang partidong pampolitika, kung ang mga balota ay sira, may hindi dapat na marka, o may mga pagwawasto, kulang na pagboto, sobrang pagboto, at mga blangkong labanan upang patunayan ang nilalayon ng botante at tiyakin ang tamang tabulasyon. Itinatago ang lahat ng balota sa isang ligtas na lokasyon na binabantayan sa lahat ng oras.
ORS 254.476, 254.482, 254.483

**Ika-9 na Hakbang. Hindi Opisyal na mga Resulta ng Halalan**
Nagsisimula kaming maglathala ng mga hindi opisyal na resulta pagkalipas ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi opisyal ang mga resulta hanggang sa lumipas na ang lahat ng deadline sa pagbalik ng balota at pagkatapos naming mabilang ang bawat isang balidong balota na natanggap namin.
ORS 254.545

**Hanapin ang mga hindi opisyal na resulta sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-10 Hakbang Sertipikasyon ng Opisyal na mga Resulta**
Pagkatapos suriin at beripikahin ng Board of Canvassers ang kinalabasan ng halalan, sinesertipika ng county ang mga opisyal na resulta ng halalan.
ORS 254.545(3)

**Inilalathala ang mga sertipikadong resulta ng halalan 27 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-11 Hakbang. Pag-audit**
Ang mga pag-audit ay normal na pamamaraang bahagi ng bawat halalan para mabawasan ang pagkakamali at panlilinlang. Ginagamit namin ang mga pag-audit para kumpirmahin na tumpak na binasa at binilang ng mga kagamitan ng halalan ang mga balota ng botante, at sinasalamin ng kinalabasan ng halalan ang pagboto ng mga botante, at sinunod ng mga kawani ng halalan ang mga patakaran.
ORS 254.529

**Ika-12 Hakbang. Pagtatago ng Balota**
Ligtas naming itinatago nang dalawang taon ang lahat ng balotang papel, at iba pang mga rekord bilang bahagi ng opisyal na talaan. Pagkalipas ng dalawang taon, sinisira ang mga balota.
OAR 166-150-0035(14)(a)

# <u>Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections): 2024 “I Voted” Sticker Contest</u>

Inaanyayahan ng Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office) ang mga lokal na estudyante na sumali sa **Deschutes County “I Voted” Sticker Contest**. Hinihikayat ang mga K-12 na estudyanteng magdisenyo ng sticker na "Bumoto Ako" ("I Voted") na gagamitin sa 2024 na Pangunahing Halalang Pampanguluhan at at Pangkalahatang halalan (Presidential Primary and General elections), at itatampok sa Pamplet para sa Mga Botante sa bawat halalan.

Ang mga isusumiteng disenyo ng sticker sa elementarya (K-5) ay tatanggapin hanggang sa katapusan ng taon, at iaanunsyo ang nanalo sa Pebrero 2024. Ang mga isusumiteng disenyo ng sticker sa middle-high school (6-12) ay tatanggapin hanggang sa katapusan ng taon, at iaanunsyo ang nanalo sa Agosto 2024. Gagamitin ang nanalong likhang sining sa mga pang-halalang materyales, promotion at pagtulong ng Deschutes County, at ipapakita sa buong Deschutes County Services Building sa kabayanan ng Bend.

## Mga Detalye ng Contest

**Makukuha ang "I Voted" Sticker Contest Entry Form at Design Template sa Opisina ng Kawani at maida-download sa website ng Halalan sa Deschutes County (Deschutes County Elections): <u>www.deschutescounty.gov/ artcontest.</u>**

Dapat ipadala o ihatid ng mga estudyante sa elementarya (K-5) ang kanilang mga entry bago o pagsapit ng Disyembre 31, 2023.

Dapat ipadala o ihatid ng mga estudyante sa middle-high school (6-12) ang kanilang mga entry bago o pagsapit ng Hunyo 30, 2024.

> **Nang Personal:** Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk’s Office), 1300 NW Wall Street, Ste 202, Bend
>
> **Sa pamamagitan ng koreo:** Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk’s Office), “I Voted” Sticker Contest, PO Box 6005, Bend, Oregon 97708
>
> **Email:** artcontest@deschutescounty.gov

**Mga Panuntunan sa 2024 “I Voted” Sticker Contest**

- Pabilog na disenyo ng sticker na "Bumoto Ako" ("I Voted") (ay babaguhin ang laki upang magkasya sa isang sticker na may dalawang pulgada (2") na diyametro
- Tinatanggap ang mga gawa sa kamay at digital na disenyo
    - Ang mga digital na isusumite ay dapat may pinakamababang resolusyon na 300 ppi
    - Ang mga isusumiteng gawa sa kamay ay dapat iguhit sa puting papel
- Ang mga disenyo ay dapat na walang kinikilingang partido at hindi dapat tumutukoy sa anumang grupong pampolitika
- Dapat na may kulay pula, puti, at asul man lang ang mga disenyo
- Dapat na orihinal na gawa ang mga disenyo at hindi maaaring gumamit o muling gumamit ng anumang koleksyon ng imahe na hindi sa kanila (walang clip art o naka-copyright na koleksyon ng imahe)

# Panukalang-Batas 9-162 – Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue)

**Lokal na opsyon sa Pagpapataw ng Buwis para Mapanatili ang Mga Serbisyong Medikal Kaugnay ng Sunog at Emerhensiya**

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng buwis na $0.75 kada $1000 ng tinasang halaga para mapanatili ang mga pangkalahatang operasyon sa loob ng limang taon, simula 2024-2025?

Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:** Ang panukalang-batas, kung maaprubahan, ay magpapahintulot sa Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue) (“ang Distrito”) na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang taunang gastusin sa serbisyong medikal kaugnay ng sunog at emerhensiya. Ang panukalang-batas ay maglalabas ng lokal na opsyon na pagpapataw ng buwis sa halagang hindi lalampas sa $0.75 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $200,000, ang tinatayang taunang gastos ay $150.00 kada taon o humigit-kumulang $12.50 kada buwan.

Gagamitin ang mga pondo sa:

- Pagpapanatili at pagtaguyod ng paramedic na antas ng pagtugon sa lahat ng medikal na emerhensiyang nagdudulot ng panganib sa buhay.
- Pagsuporta sa pagtaas ng pangangailangan para sa pagtugon sa mga sunog sa ilang na pook at istraktura.
- Pagtulong sa Distrito na makaalinsabay sa kamakailang pagdami ng mga tawag.

Kabuuang TINATAYANG kita sa bawat taon ng pagpapataw ng buwis:
$3,604,000 sa 2024-2025
$3,712,000 sa 2025-2026
$3,823,500 sa 2026-2027
$3,938,500 sa 2027-2028
$4,056,500 sa 2028-2029

Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong nakuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring nagpapakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

**Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng Pamatay-sunog at Tagsagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue)?**

Ang Pamatay-sunog at Tagsagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue) (ang Distrito) ay ang unang tagaresponde sa sunog at mga medikal na emerhensiya sa lugar ng serbisyo nito na nagbibigay-tulong para sa pag-iwas sa sunog, pampublikong edukasyon, pag-apula ng sunog gamit ang sasakyang panghimpapawid, at pangunahing kaalaman sa pagsagip gamit ng lubid, sa tubig at nagyeyelong lugar pati na rin ang Pangunahing at Makabagong Panligtas-buhay na ambulansya para sa pagdadala ng mga pasyente. Ito ay may mga tauhang binubuo ng 58 bumbero/paramedic, mga paramedic at EMT.

**Sino ang pinaglilingkuran ng Distrito?**

Nagbibigay ang Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue) ng mga serbisyo para sa pagtugon sa emerhensiya sa mga residente ng lugar na nasa 294 na square miles kabilang ang Redmond, Terrebonne, Eagle Crest at mga nakapaligid na lugar pati na rin ang Paliparan ng Redmond (Redmond Airport). Rumesponde ang Distrito sa humigit-kumulang 7,100 tawag noong 2022 para sa humigit-kumulang 47,500 full-time na residente ng Distrito at maraming part-time na residente.

**Paano pinopondohan ang Distrito?**

Pangunahing pinopondohan ang Distrito sa pamamagitan ng kabuuang halaga ng buwis (tax base) sa ari-arian, kabilang ang isang umiiral na lokal na pagpapataw ng buwis sa operasyon na $0.27 kada 1000 ng tinasang halaga na magwawakas sa 2024-2025. Bukod pa rito, kumikita ito sa mga pagsingil sa ambulansya at sa isang kontrata para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa Paliparan ng Redmond (Redmond Airport). Kung maaprubahan, ang limang-taong lokal na opsyon sa pagpapataw ng buwis ay makadaragdag sa kabuuang halaga ng buwis (tax base.)

**Paano gagamitin ang mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis?**

Gagamitin ang mga pondo upang mapanatili ang kasalukuyang antas ng pagtugon ng Distrito sa sunog at mga medikal na emerhensiya, pati na rin ang paghahatid ng ambulansya. Ang paglaki ng populasyon at taong nagkaka-edad ay nagdulot ng 68% pagtaas ng mga tawag na pang-emerhensiya sa nakalipas na 10 taon. Makatutulong ang pag-apruba na matiyak ang patuloy na pagtugon sa bawat emerhensiya ng hindi bababa sa dalawa, na lubusang sinanay na mga bumbero o medic sa lahat ng oras ng araw at gabi.

Kung maaprubahan, ang pagpapataw ng buwis ay:

- Makatutulong sa pagpapanatili at pagtaguyod ng paramedic na antas ng pagtugon sa lahat ng medikal na emerhensiyang nagdudulot ng panganib sa buhay. (Ang mga Paramedic na may mga Pinalawak na Panligtas-buhay na kasanayan ay makapagbibigay ng mga pamamaraan sa mismong lugar na pinangyarihan na dating makikita lamang sa mga emergency-room.)
- Makasusuporta sa patuloy na pagtugon sa lahat ng tawag medikal ng isang pangkat ng hindi bababa sa dalawang medic  (Humigit-kumulang 85% ng mga tawag na tinutugunan ng Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue) ay mga medikal na emerhensiya.)
- Makasusuporta sa tumataas na pangangailangan para sa pagtugon sa mga sunog sa ilang na pook at istraktura..
- Makatutulong sa Distrito na makaalinsabay sa kamakailang pagdami ng mga tawag.

**Magkano ang gugugulin ng mga nagbabayad ng buwis sa ari-arian?**

Ang pagpapataw ng buwis ay itinakda sa rate na $0.75 kada $1000 ng tinasang halaga (iba ang tinasang halaga kaysa sa halaga sa merkado). Ang halaga ng pagpapataw ng buwis sa tinasang ari-ariang nagkakahalaga ng $200,000, para sa residensiyal na ari-arian sa Distrito, ay magiging $150.00 sa isang taon, o humigit-kumulang $12.50 kada buwan.

**Paano kung hindi naaprubahan ang pagpapataw ng buwis?**

Kung hindi maaprubahan ang limang taong pagpapataw ng buwis, hindi mapupunan ang mga karagdagang posisyon ng Bumbero/Paramedic at patuloy na tataas ang mga oras ng pagtugon. Habang patuloy na lumalaki ang populasyon ng Pandistritong Pamatay-sunog, hindi makaaalinsabay ang Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue) sa kakailanganing mga serbisyong pang-emerhensiya at kinakailangang humingi ng karagdagang mga hakbang sa pagpopondo o baguhin ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo.

**Kailangan ng higit pang impormasyon?**

Puntahan ang website ng Distrito sa http://www.rdmfire.org.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Pat Dale, Pamatay-sunog at Tagasagip ng Redmond (Redmond Fire & Rescue.))*

# Panukalang-batas 9-163 – Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District)

### Limang Taong Lokal na Opsyon sa Buwis para sa Pangkalahatang Operasyon

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District) ng $6000 kada taon sa loob ng limang taon para sa mga pangkalahatang operasyon simula 2023/2024? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit sa tatlong porsyento.

**Buod:** Ang kabuuang halaga ng kakailanganing mga buwis sa loob ng limang taon ay $30,000, na magkakatumbas ang halagang ipapataw na $6000 kada taon. Ang malilikom sa buwis mula sa panukalang-batas na ito ay magbibigay ng mga ganansiyang sapat para sa Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District) upang patakbuhin ang kasalukuyang antas ng serbisyo nito para sa mga residente sa loob ng hangganan ng Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District) kabilang ang:

Pag-grade ng Kalsada, Pagtakip ng Kalsada gamit ng Bato (Surfacing with Rock), Pagkontrol ng Alikabok, Pag-aararo ng Niyebe, Mga Karatulang Pangkaligtasan at Pagkontrol sa Trapiko, Insurance ng Distrito, Mga Gastusin sa Operasyon ng Distrito

Noong nabuo ang Distrito, ang Lupon, kasabay ng payo mula sa Deschutes County, ay nagpasiya na ang halaga ng buwis ay $1.0469 kada $1000 ng tinasang halaga. Kasama sa pagtatantiyang ito ang ari-arian sa kahabaan ng Rim Rd na HINDI bahagi ng Distrito. Pagkatapos alisin mula sa Distrito ang mga ari-arian ng Rim Rd, ang natitirang halaga ng ari-arian ng Distrito ay humantong sa mas maliit na kita sa buwis para sa distrito.

PAPALITAN ng bagong halagang ito ang nagwakas na pagpapataw ng buwis. HINDI ito pagdaragdag sa halagang tinasa para sa nagwakas na pagpapataw ng buwis.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Noong nabuo ang Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District), ang Lupon, kasabay ng payo mula sa Deschutes County, ay nagpasiya na $1.0469 kada $1000 ng tinasang halaga ang kailangang rate para sa mga tunguhin ng pandistritong lansangan. Ang rate na ito na $1.0469 kada $1000 ng tinasang halaga ay ang permanenteng rate at maaari lamang

baguhin sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga tao ng Estado ng Oregon sa pagboto sa isang halalan sa buong estado.

Mali ang pagguhit sa hangganan ng mapang pinagbabatayan (base map) na nagtatakda sa distrito at kinabibilangan ng ari-arian sa kahabaan ng Rim Rd. na HINDI bahagi ng pandistritong lansangan. Matapos alisin ang mga ari-arian ng Rim Rd. mula sa Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East (Ponderosa Pines East Special Road District), muling tinasa ng Deschutes County ang mga halaga ng ari-arian ng pandistritong lansangan. Ang muling pagtatasa na ito ay humantong sa mas maliit na kita sa buwis para sa distrito.

Inaasahang lalampasan ng mga paggasta sa Pandistritong Lansangan ang mga kita sa buwis sa darating na panahon, dahil sa pagtaas ng mga gastusin sa pag-aararo ng niyebe, pag-grade, pagtakip ng kalsada gamit ng bato (rock surfacing), insurance ng distrito at pagkontrol ng alikabok. Ang iminungkahing limang-taong lokal na opsyon na buwis ay magbibigay ng mga ganansiyang mas sapat upang matugunan ang pagpapaganda ng kalsada, pag-alis ng niyebe, pagkontrol sa alikabok at mga isyung pangkaligtasan para sa darating na panahon.

PAPALITAN ng bagong halagang ito ang nagwakas na pagpapataw ng buwis. HINDI ito pagdaragdag sa halagang tinasa para sa NAGWAKAS na pagpapataw ng buwis.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Debra L Grinols, Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Ponderosa Pines East* (*Ponderosa Pines East Special Road District)).*

# Panukalang-Batas 16-107 – Crooked River Ranch RFPD

### Limang Taong Lokal na Opsyon na Pagpapataw ng Buwis para sa Mga Operasyon kaugnay ng Sunog at Emerhensiya

**TANONG:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng $1.17 kada $1000 ng tinasang halaga para sa mga operasyon kaugnay ng mga serbisyong pang-emerhensiya sa loob ng limang taon simula 2024-2025? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**BUOD:** Ang panukalang-batas na ito, kung maaprubahan, ay nagbibigay pahintulot sa Panrehiyong Pamatay-sunog ng Distrito ng Crooked River Ranch (Crooked River Ranch Rural Fire Protection District) na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang taunang gastusin sa mga operasyon kaugnay ng sunog, pagsagip at mga serbisyo para sa medikal na emerhensiya. Ang panukalang-batas ay maglalabas ng lokal na opsyon na pagpapataw ng buwis sa rate na $1.17 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Pinapalitan ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang pagpapataw ng buwis na magwawakas sa Hunyo 30, 2024. Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $200,000, ang tinatayang taunang gastos ay $234 kada taon o $19.50 kada buwan.

Kinahaharap ng Distrito ang lumalaking gastusing dulot ng tumataas na bilang ng tawag na pang-emerhensiya at dumaraming gastusin sa pagbibigay ng mga serbisyong pang-emerhensiya. Ang mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis na ito ay gagamitin upang maipagpatuloy ang mga operasyon, kabilang ang: 1) pagpapanatili ng dagdag na tauhan upang matugunan ang tumataas na bilang ng tawag; 2) pagsuporta sa tumataas na mga gastusin kaugnay ng sunog, pagsagip, at medikal na pagbibigay-tulong; 3) pagtulong sa pag-ipon para sa pamalit na mga kagamitang pinuhunan (capital equipment).

Makakalikom ang iminungkahing rate ng pagpapataw ng buwis na ito ng humigit-kumulang $492,649 sa 2024-2025, $514,819 sa 2025-2026, $537,986 sa 2026-2027, $562,195 sa 2027-2028, at $587,494 sa 2028-2029, na may kabuuang $2,695,143.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng Pamatay-sunog at Tagasagip ng Crooked River Ranch (Crooked River Ranch Fire & Rescue)?

Ang Pamatay-sunog at Tagasagip ng Crooked River Ranch (Crooked River Ranch Fire & Rescue) (ang Distrito) ay tumutugon sa emerhensiya sa lugar ng serbisyo nito na nagbibigay-tulong para sa pag-apula ng sunog, pag-iwas sa sunog, teknikal na

pagsagip gamit ng lubid, at pangunahing at pinalawak na panligtas-buhay na serbisyo ng ambulansya. Pinangangasiwaan ito ng anim na ganap (career) at dalawampu't isa na boluntaryong bumbero, paramedik, at EMT.

Sino ang Pinaglilingkuran ng Distrito?

Nagbibigay-serbisyo para sa pagtugon sa emerhensiya ang Pamatay-sunog at Tagasagip ng Crooked River Ranch (Crooked River Ranch Fire & Rescue) sa humigit-kumulang 5,500 residente at maraming bumibisita sa 16.4 square miles na komunidad ng Crooked River Ranch. Tumugon ang Distrito sa mahigit 600 tawag noong 2022.

Paano Pinopondohan ang Distrito

Pangunahing pinopondohan ang Distrito sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian, kabilang ang isang umiiral na lokal na opsyon na pagpapataw ng buwis na $0.89 kada $1000 ng tinasang halaga na magwawakas sa Hunyo 30, 2024. Bukod pa rito, kumikita ito sa pagsingil sa ambulansya. Kung maaprubahan, ang bagong limang-taong pagpapataw ng buwis ay makadaragdag sa perrmanenteng kabuuang halaga ng buwis (tax base.)

Paano gagamitin ang mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis?

Gagamitin ang mga pondo upang mapanatili ang kasalukuyang antas ng pagtugon ng Distrito sa sunog at mga medikal na emerhensiya, kabilang yaong nangangailangan ng paghatid ng ambulansya. Ang paglaki ng populasyon at taong nagkaka-edad ay nagdulot ng 36% pagtaas ng mga tawag na pang-emerhensiya sa nakalipas na 10 taon at 66% pagtaas ng mga tawag kaugnay ng medikal na emerhensiya sa nakalipas na 10 taon. Makatutulong ang pag-apruba na matiyak ang patuloy na pagtugon sa bawat emerhensiya ng mga lubusang sinanay na bumbero/paramedik sa lahat ng oras ng araw at gabi.

Kung maaprubahan, ang pagpapataw ng buwis ay:

- Magbibigay-daan sa Distrito upang mapanatili ang mga bumbero/paramedik na pinopondohan ng dalawang kaloob at magdagdag ng ikatlong bumbero/paramedik, na magdadala sa bawat isa sa tatlong shift sa dalawang ganap na (career) bumbero/paramedik. Titiyakin ng mga karagdagang bumbero/paramedik na ito na may kakayahang tumugon ang Distrito sa dumaraming bilang ng mga tawag para sa serbisyo kaugnay ng medikal na emerhensiya at sumunod sa mga pambansang pamantayan ukol sa pinakasapat na paglalagay ng mga tauhan (minimum staffing) para sa mga sunog sa mga istraktura.
- Susuporta sa tumataas na pangangailangan sa pagtugon sa mga sunog sa ilang na pook at istraktura.
- Tutulong sa Distrito para tustusan ang tumataas na gastusin sa pagbibigay ng mga serbisyong pang-emerhensiya.

- Tutulong sa Distrito na makaipon para sa mga gastusin sa hinaharap kaugnay ng pamalit na mga kagamitang pinuhunan (capital equipment)

Magkano ang gugugulin ng mga nagbabayad ng buwis sa ari-arian?

Ang bagong pagpapataw ng buwis ay itinakda sa rate na $1.17 kada $1000 ng tinasang halaga (iba ang tinasang halaga kaysa sa halaga sa merkado). Ang bagong rate sa pagpapataw ng buwis ay may pagtaas na $0.28 mula sa magawawakas na pagpapataw ng buwis. Para sa isang ari-arian na may tinasang halaga na $200,000, ang halaga ng pagtaas mula sa magwawakas na pagpapataw ng buwis ay $56.00 kada taon o humigit-kumulang $4.66 kada buwan. Ang kabuuang halaga ng bagong pagpapataw ng buwis sa ari-ariang may tinasang halaga na $200,000, ay magiging $234.00 sa isang taon, o humigit-kumulang $19.50 kada buwan.

Paano kung hindi naaprubahan ang pagpapataw ng buwis?

Kung hindi maaprubahan ang limang taong pagpapataw ng buwis, hindi mapapanatili ang mga karagdagang bumbero/paramedik at tataas ang mga oras ng pagtugon sa ilang mga emerhensiya. Habang patuloy na lumalaki ang populasyon ng Distrito, hindi makaaalinsabay ang Pamatay-sunog at Tagasagip ng Crooked River Ranch (Crooked River Ranch Fire & Rescue) sa kakailanganing mga serbisyong pang-emerhensiya at kinakailangang humingi ng karagdagang mga hakbang sa pagpopondo o baguhin ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo.

Kailangan ng higit pang impormasyon?
Puntahan ang website ng Distrito sa http://www.crrfire.org.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Sean Hartley, Pinunong Bumbero, Crooked River Ranch RFPD.)*